


# MALAY

TOMO XXXIV BLG. 2 • HUNYO 2022

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2022 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 8523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Bievenido Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

## Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

**Florentino T. Timbreza** vii
**Rowell D. Madula**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Pagdulog sa *'Gapo* ni Lualhati Bautista: Rasismo, Maskulinistang Ideolohiya, at Himagsik ng Anakpawis sa Isang Alegoryang Pambansa / 1
*Engaging with the Novel '*Gapo *by Lualhati Bautista: Racism, Masculinist Ideology, and Proletarian Revolution in a National Allegory*
**Epifanio San Juan, Jr.**

"Gahum, Kahimtangan, kag Bugal": Isang Alternatibong Pagbasa sa Maagang Kasaysayan ng Misyong Baptist sa Pilipinas, 1898–1922 1 / 16
*Power, Social Mobility, and Pride: An Alternative Reading on the Early History of Baptist Mission in the Philippines, 1898–1922*
**Kristoffer R. Esquejo**

Ang Espasyo ng Espasyo sa Araling Pilipino Batay sa Debateng "North–South" sa Metro Manila / 29
*The Space for Space in Philippine Studies Based on the "North–South" Debate in Metro Manila*
**Michael D. Pante**

Ang Paglikha ng Kalamidad / 41
*The Invention of Disaster*
**JC Gaillard**

Ang Queer Literacy Framework: Isang Pagsusuri sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata Gamit ang "Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin" at "Ang Ikaklit sa Aming Hardin" / 52
*The Queer Literacy Framework: An Analysis of Teaching Children's Literature Using "Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin" and "Ang Ikaklit Sa Aming Hardin"*
**John Paolo Sarce**

Larong Tabletop na Isabuhay: Mga Paunang Puna sa Pagpapaunlad ng Disenyong Laro ng isang Game-based Learning na Materyal /
*The Tabletop Game Isabuhay: Some Preliminary Critiques for Developing a Game Design of a Game-based Learning Material*
**Mariyel Hiyas Concha Liwanag** 69

MGA KONTRIBYUTOR 83

PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY
MGA KONTRIBYUTOR 85

# Mula sa Editor

Ang Araling Pilipinas ay isang mahalagang larang ng pag-aaral dahil dito sinusubukang unawain ang ating karanasan bilang mga Pilipino at ang lipunang ginagalawan.

Sa nakalipas na dalawang taon, naging matingkad ang pangangailangang dalumatin ang ating danas sa pagharap sa sa pandemya na bagama't lahat ng tao sa mundo ay naaapektuhan, iba't iba pa rin ang ating naging karanasan tungkol dito. Sa Araling Pilipinas, lubos nating mauunawaan kung bakit ganito ang ating danas, ano ang mga salik na nagdulot nito, paano ba tinugunan ng mga maykapangyarihan ang hamong ito, at iba pa.

At kung usapin ng kapangyarihan ang pag-uusapan, naging makasaysayan ang nakaraang pampanguluhang halalan nitong buwan ng Mayo. Napakahalaga ng nakaraang halalan dahil ang resulta nito'y siyang magtatakda sa direksiyon ng pagbangon natin bilang mga Pilipino mula sa epekto ng pandemya. Bagama't hindi pa lubusang nawawala ang pandemya, unti-unti na nating sinusubukan ang mamuhay tulad nang bago ito dumating sa ating bansa. Alam nating ang epekto ng halos tatlong taong pandemya ay patuloy pa rin nating mararamdaman sa mga susunod na taon. At ang pagpapasya ng mayorya sa inihalal na mga bagong pinuno ng bansa ang siyang magtatakda sa bilis o bagal ng ating pagbangon.

Pero hindi lang usapin ng pagbangon ang nakaraang halalan, malaking usapin din ito ng ating paglingon sa kasaysayan. Sa gitna ng usapin ng ating hinaharap ay ang ugnayan nito sa ating nakaraan. Malaking hamon ang kinakaharap ng ating mga iskolar lalo na sa disiplina ng kasaysayan dahil sa pag-usbong ng mga tanong tungkol sa paano ba ito isinusulat, sa anong pananaw, paano ito dapat bigyang saysay, paano ba ito itinuturo at ipinapalaganap? Ilan lamang iyan sa mga katanungan na kinakailangang tugunan ng ating mga iskolar.

Ang *Malay* bilang isang journal sa Araling Pilipinas, ay nananatili sa paglilimbag ng mga artikulo at pananaliksik na nakatuon sa mga Pilipino at sa bansa. Sa panahong ito, higit na mahalaga ang papel ng mga mananaliksik sa larangan ng agham panlipunan at humanidades upang ipaliwanag o unawain ang mga nangyayari sa ating lipunan.

Sa artikulo ni **Epifanio San Juan Jr.**, sinuri niya ang nobelang '*Gapo* ni Lualhati Bautista na isang mahalagang akdang pampanitikan na binabasa ng mga mag-aaral at dapat mabasa ng mga mamamayang Pilipino. Pinatingkad niya sa nobela ang pagtatampok nito sa rasismo, maskulinismo, at seksismo na nakaugat sa hegemonya ng Estados Unidos sa ating bansa. Interesante rin ang ginawa niyang pagbasa sa nobela bilang isang alegoryang pambansa. Matagumpay ding naiugnay ni San Juan ang papel sa mga karahasang naranasan ng ating mga kababayan sa kamay ng mga Amerikanong sundalo nitong nakaraang dekada.

Gamit ang "kaloobang-bayan" bilang alternatibong lente sa pagsulat at pagbasa ng kasaysayan, tinalakay ni **Kristoffer Esquejo** ang pagtanggap ng mga Pilipinong Bisaya sa pananampalatayang Baptist sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano noong unang dalawang dekada ng ika-20 dantaon. Nakapag-aambag ang pag-aaral na ito sa pagpapalaganap ng paggamit ng mga taal na kaisipan sa pagdalumat ng larang ng kasaysayan sa Araling Pilipinas. Gayundin, mahalaga ang pag-aaral na ito dahil pinapaksa nito ang isang bahagi ng kasaysayan na hindi gaanong natatalakay sa mga nakalipas na taon. Sa panahon na mainit na pinag-uusapan ang papel ng

mga iglesya at ng sektor ng mga simbahan at sambahan sa ating lipunan, ipinakikita ni Esquejo ang kahalagahan ng pagbabalik sa nakaraan para makita ang mga naratibo nito sa kasalukuyan.

Interesante naman ang papel ni **Michael Pante** ukol sa espasyo na nakaangkla sa debateng taga-north at taga-south sa Kamaynilaan. Gamit ang lokal na konseptuwalisasyon ng iba't ibang aspekto ng espasyo sa Pilipinas at sa tulong na rin ng mga konsepto mula sa araling Timog-silangang Asya, sinubukan nitong dalumatin ang konsepto ng espasyo batay sa pagpapakahulugan sa espasyo ng mismong mga taong dumadanas nito. Ipinakita sa artikulo ang kahalagahan ng pagtukoy ng espasyo at pag-uugnay nito sa mga isyu ng pamumuhay buhat sa nabubuo o nabuong ideya mula sa karanasan ng mga tao sa pagpopook ng mga pangkat ng tao at pagtatangi nila sa ibang identidad o pagkakakilanlang panlipunan na nakaugat sa heograpikong tirahan nila.

Isang masinop at interesanteng pag-aaral naman ang ginawa ni **JC Gaillard** tungkol sa paano ba natin binibigyang kahulugan ang kalamidad. Nilayon ng papel na pabulaanan ang pag-aaral ng kalamidad na ang laging ginagamit ay mga konsepto at metodong galing sa dayuhan. Tinututulan nito ang unibersal na kahulugan ng kalamidad, sa halip, pinalilitaw nito ang posibilidad ng pagkakaroon ng mas maraming interpretasyon sa konsepto ng kalamidad batay sa iba't ibang danas at pananaw ng mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Binibigyang diin ni Gaillard na sa pag-intindi ng kalamidad ay nararapat na ito ay sumasalamin sa kultura at pananaw sa mundo ng mga Pilipino.

Iminumungkahi naman ni **John Paolo Sarce** ang paggamit ng queer literacy framework sa pagtuturo ng panitikan gamit ang mga kuwentong pambatang may pagtalakay sa mga kasariang LGBTQ. Ang konsepto ng mga bata sa kasarian ay unti-unting nahuhubog mula sa kaniyang mga binabasa, inaaral, at nasasaksihan kaya ang pag-usbong ng panitikang pambata na may malinaw na adyendang buksan ang masalimuot at sensitibong usapin ng kasarian ay napakahalagang masuri at maipasok sa pormal na edukasyon. Hindi lamang ang naratibo ang tiningnan ni Sarce sa papel na ito kundi maging ang mga biswal na representasyon ng mga kuwentong kaniyang sinuri.

Samantala, sa pag-aral naman ni **Mariyel Hiyas Liwanag** tinutukan niya ang pagsusuri ng larong tabletop na *Isabuhay* bilang suplementaryong aktibidad sa pagtuturo ng mga kursong tumatalakay sa wika at lipunan sa antas kolehiyo. Napapanahon ang papel na ito dahil sa mga pagbabago sa modalidad ng pagtuturo sa bansa, ang paglikha ng mga inobatibong pamamaraan para higit na maging masigla ang pagkatuto at pagtuturo ng/sa mga bata, ang mga larong tulad nito ang sinusubukang gamitin ng mga guro. Malinaw na nailatag ni Liwanag ang layunin, nilalaman at impormasyon, mekanismo, naratibo, estetika at audio biswal, ang bistador at ang ugnayan ng mga ito sa isa't isa. Inaasahan na magbubukas ang pag-aaral na ito sa iba pang pagsusuri ng mga gawain at pedagohiya sa edukasyong Pilipino.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula